## Ang Tungkol sa Manunulat

Nang malaman ni Tim Swanson na ang Biblia ay totoo at si Jesu-Kristo ay hindi biro at totoong-totoo. Binigyan ng Diyos si Tim ng masiglang puso at pananampalataya kay Jesu-Kristo dalawang araw pagkatapos ng kaniyang ika dalawampung kaarawan. Mula noon, sadyang nagbago na ang buhay ni Tim at pinatawad na ng Diyos

Noong tinawag si Tim mula sa kaharian ng kadiliman papunta sa kaharian ng liwanag. Binigyan siya ng gawain na tumulong sa mga kabataan at matatanda na malaman ang tungkol kay Jesus at malaman kung paano mamuhay ng puno ng katotohanan. Ang misyong ito'y ginagawa nilang mag-asawa at ng kanilang dalawang anak.

Ibig ni Tim na tingnan ninyo ang bawat bahagi ng inyong pilosopiya sa pagpapalaki ng anak upang kayo ay maniwala at alisin ang mga kasinungalingan. Ibig niyang palakihin ninyo ang inyong anak na sumusunod at nagpupuri sa Diyos sa gitna ng henerasyong ayaw sumunod sa Diyos at pinapupurihan lamang nila ang kanilang sarili. Ang iyong pilosopiya sa pagpapalaki ng anak at ang iyong mga ginagawa ngayon ay magiging munting alon sa katagalan, at maaapektuhan nito ang mga susunod na henerasyon.

## About the Author

Tim Swanson knows first-hand that the Bible is true and that Jesus Christ is the real deal. God gave Tim an alive heart and faith in Jesus Christ two days after his 20th birthday. Ever since then, Tim's life has been purposeful, changed and forgiven.

When God called Tim from the kingdom of darkness into the kingdom of light, He gave him a mission to help young people and adults learn about Jesus and learn how to live truth-filled lives. This mission is one that Tim works on together with his wife and two children.

Tim's desire is that you examine every piece of parenting philosophy that you believe and root out the untruth, replacing it with God's parenting truth. He wants you to raise your child to obey and glorify God in the midst of a generation that hates to obey and only glorifies itself. Your parenting philosophy and activities today will ripple through time, affecting many generations to come.

**Copyright Information:** This book is copyrighted by Tim Swanson © *2013,2015,2019,2023* Unless otherwise indicated, all Tagalog scripture texts are from the Ang Biblia © 2001 Philippine Bible Society, used with permission. Magandang Balita Biblia © 2012 Philippine Bible Society, used with permission. Cover design by Don Jewett. Cover photo by Tim Swanson. This book may not be reproduced without written permission from the copyright holder. 1st Edition: 2013. 2nd Edition: 2015, 3rd Edition (Tagalog): 2019, 4th Edition (Tagalog/English) 2023.

## Table of Contents

Kapitulo 1: Ano Ang Iyong Maiiwang Mana / Alaala?

**Chapter 1: What Will Your Legacy Be?**

Kapitulo 2: Ang Simula, Kalagitnaan at Katapusan

**Chapter 2: The Beginning, Middle and End**

Kapitulo 3: Ang Iyong Pilosopiya sa Pagiging Magulang

**Chapter 3: Your Parenting Philosophy**

Kapitulo 4: Pananaw ng Kristiano sa Mundo

**Chapter 4: Christian Worldview**

Kapitulo 5: Pinili ka ng Diyos

**Chapter 5: God Chose You**

Kapitulo 6: Sanayin ang Iyong Anak

**Chapter 6: Training Your Child**

Kapitulo 7: Nasa Iyo ba ang Puso ng Iyong Anak?

**Chapter 7: Do You Have Your Child's Heart?**

Kapitulo 8: Musmos na Kamalayan

**Chapter 8: Moral Innocence**

Kapitulo 9: Pagpapalaki ng Tagapamahala

**Chapter 9: Raising Up Stewards**

Kapitulo 10: Pagsasaayos ng Ugali

**Chapter 10: Working On Character**

Kapitulo 11: Biblikal na Pagdidisiplina

**Chapter 11: Biblical Discipline**

Kapitulo 12: Pamamahala ng Iyong Tahanan

**Chapter 12: Managing Your House**

Kapitulo 13: Malinis at Nakaiskedyul

**Chapter 13: Clean And Scheduled**

Kapitulo 14: Pagpapasya sa Pamumuhay

**Chapter 14: Lifestyle Decisions**

Kapitulo 15: Hindi Ka Magiging Perpektong Magulang

**Chapter 15: You Can't Be the Perfect Parent**

Kapitulo 16: Mag-isa lang Akong Napapalaki ng Anak

**Chapter 16: Hey! I'm a Single Parent**

Kapitulo 17: Ang Proteksiyonan ang Iyong Anak

**Chapter 17: Protecting Your Child**

Kapitulo 18: Pakikitungo sa Masasamang Espiritu

**Chapter 18: Dealing With Evil Spirits**

Kapitulo 19: Natatanging Hamon sa Pagpapalaki ng Anak

**Chapter 19: Special Parenting Challenges**

Kapitulo 20: Ang Malaking Pakikipagsapalaran

**Chapter 20: The Grand Adventure**

## Kapitulo 1: Ano Ang Iyong Maiiwang Mana / Alaala?

Sumulat ako sa iyo dahil ibig ng puso kong makatulung sa iyo na maging magulang na maka-Diyos. Mahahamon ang iyong pag-iisip patungkol sa pagpapalaki ng mga anak. Ngunit, makakapagpalakas din ito ng iyong loob. Kung ikaw ay Kristiano, tutulungan ka ng Banal na Espiritu upang maitayo mo ang isang tahanang nagpupuri sa Dios.

Bilang isang magulang, ikaw ay nasa makapangyarihang katayuan. Maari mong masira ang buhay ng iyong mga anak at ng iyong mga apo o kaya nama'y mapagpapala mo ang kanilang mga buhay. Kung ano ang iyong gagawin sa susunod na mga linggo, buwan, o 18 taon ay maari kang makapag-iwan ng pamana ng pagiging maka-Dios na kasipagan o kaya naman ay puro pasakit sa hinaharap, katamaran at imoralidad.

**"Akong si Yahweh ay mahahabagin at mapagmahal. Hindi ako madaling magalit; patuloy kong ipinadarama ang aking pag-ibig at ako'y nananatiling tapat. Tinutupad ko ang aking pangako maging sa libu-libo, at patuloy kong ipinapatawad ang kanilang kasamaan, pagsuway at pagkakasala. Ngunit hindi ko pinalalampas ang kasalanan ng ama at ang pagpaparusa ko'y hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi." Exodo 34:6-7 (MBBTAG)**

Binibigyan ka ng Diyos ng pagpipilian. Maari kang sumunod sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapalaki ng iyong anak na ayon sa paraan na nais ng Diyos. O kaya naman, maari kang magkasala sa Kanya sa pamamagitan ng pagsuway sa paraan ng Diyos ng pagpapalaki ng iyong anak. Kung pipiliin mo ang makasalanang pagpapalaki ng anak, Ikaw ay bubuo ng kultura ng paghihimagsik sa iyong mga anak. Kung ang maka Diyos na paraan ang pipiliin mo, makapag-iiwan ka ng pamana sa iyong mga apo na naaayon sa Biblia.

**Ang kanyang kahabagan ay para sa mga tao at sa lahat ng salinlahing may takot sa kanya. Lucas 1:50 (MBBTAG)**

Ikaw ba ay may takot sa Diyos? Tinuturuan mo ba ang iyong mga anak na magkaroon ng paggalang at pagkatakot sa Diyos? Ang habag ng Diyos ay nagbubunga sa buhay ng mga may takot sa Kanya at ito'y nagpapatuloy habang pinalalaki nila ang kanilang mga anak na may takot sa Kaniya. Ang pagkatakot sa Diyos ay hindi ibig sabihin na tayo'y nasisindak o natatakot sa Kaniya. Sa halip bunga ito ng pagsunod at pagsamba sa Kanya. Ang pagkatakot sa Kanya ay parang tatlong hibla ng tali. Ang isang hibla ay pagkaunawa na maaari kang supilin ng Diyos.

Ang pangalawang hibla ay paggalang sa Diyos dahil Siya'y kahanga-hanga, makapangyarihan at perpekto. At ang pangatlong hibla sa taling ito ng maka-diyos na takot ay mapagmahal na pagtitiwala na ang Diyos ay nagmamalasakit iyo at ikaw ay inako bilang kaniyang anak. Tingnan mo ang iyong sarili. Ikaw ba'y may takot sa Diyos? Namumuhay ka ba ng may pagsunod at pagsamba sa Kanya?

**Huwag kayong magkautang ng anuman sa kaninuman, kundi mag-ibigan sa isa't isa, sapagkat ang umiibig sa kanyang kapwa'y nakatupad na ng kautusan. Mga Taga-Roma 13:8**

Ang Sampung Utos ay binubuo ng marangal na pamantayan ng Diyos para sa mga tao, lalo na kung paano tayo dapat kumilos. Ang unang apat na utos ay patungkol sa kung paano dapat natin mahalin ang Diyos. At ang huling anim ay kung paano natin dapat mahalin ang ating kapwa. Ang pamilyang gumagalang sa Diyos ay nakatuon ang pag-ibig sa Diyos at pagmamahal sa kapwa.

Kahit ano'ng gawin natin, mayroong kinaugalian ang bawat pamilya. Ang pagpapalaki ng anak na ayon sa Biblia ay may pagkukusa, ang pagpaplano para sa magiging kaugalian ng pamilya ay isang pagpaparangal sa Diyos. Nais mo ba ng isang pamilyang naglalarawan ng nagmamahal sa Diyos at pagmamahal sa kapwa?

Anong klase ng kaugalian ng pamilya ang iyong gusto?

**Ang Vission Statement ng Iyong Pamilya:**

Maglaan ng ilang minuto upang pag-usapan ang mga naiisip na kung ano ang importante sa inyo. Bakit nananatili ang iyong pamilya? Sa paanong paraan kayo ng asawa mo pinagkalooban ng Diyos upang abutin ang mga hindi pa nakakakilala sa Diyos at gawin ang misteryong ito? Sumulat ng hangarin ng pamilya o mission statement. Ipaliwanag ang layunin ng Diyos sa iyong pamilya Sa 12 hanggang 15 na salita.

**Sanayin mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at kapag tumanda na siya ay hindi niya ito tatalikuran. Mga Kawikaan 22:6**

Ipaliwanag ang ibig sabihin ng Diyos sa **"Ituro sa bata ang daang dapat niyang lakaran."** Anong mga kinaugalian at mga nakasanayan sa buhay na unti-unting naituro sa bata na dapat niyang lakaran?

Family Vision video: http://youtu.be/dTnKWyFQmCU

## Chapter 1: What Will Your Legacy Be?

I'm writing to you because my heart is to help you to be a godly parent. You'll be challenged in your thinking about parenting. But, you will also be encouraged. If you are a Christian, you will have the encouragement of the Holy Spirit to build a God-honoring home.

As a parent, you are in a very powerful position. You can either destroy the lives of your children and grandchildren or you can bless their lives. What you do in the next week, month, 18 years will either create a legacy of godliness and diligence or it will fester a future of laziness and immorality.

**"The LORD, the LORD God, merciful and gracious, longsuffering, and abounding in goodness and truth, keeping mercy for thousands, forgiving iniquity and transgression and sin, by no means clearing *the guilty,* visiting the iniquity of the fathers upon the children and the children's children to the third and the fourth generation." Exodus 34:6-7.**

God is presenting you with a choice. You can either obey God by raising your child the way He wants you to. Or, you can sin against Him by not raising your child God's way. If you choose sinful parenting, you will grow a culture of rebellion into your offspring. If you choose godly parenting, you will build a Biblical legacy for your grandchildren.

**"His mercy *is* on those who fear Him from generation to generation." Luke 1:50**

Do you fear God? Do you teach your children to fear God? God's mercy actively resonates through the lives of those who fear Him and continues to do so as they raise their children to fear Him. Fear towards God is not terror or fright. The product of godly fear is obedience and worship. The fear of God is like a three-strand rope. One strand is realization that God can crush you. The second strand is respect for God because He is infinitely amazing, all powerful, and perfect. The third strand in this rope of godly fear is a loving trust that God cares for you and has adopted you as his child. Look inside of yourself. Do you fear God? Are you living a lifestyle of obedience and worship?

**"Owe no one anything except to love one another, for he who loves another has fulfilled the law." Romans 13:8**

The Ten Commandments summarize God's moral requirements for humans, specifically how we are to behave. The first four are about how we are to love God. The last six are about how we are to love others. A God-honoring family culture is one that focuses on loving God and loving others.

You will have a family culture no matter what you do. Biblical parenting is proactive, planning ahead for the type of family culture that is God-honoring. Do you want a family characterized by loving God and loving others?

What kind of family culture do you want?

**Your Family Vision Statement:** Take a few minutes to brainstorm what is important to you. Why does your family exist? In what ways has God gifted you and your spouse to reach out and do ministry? Write out a family vision or mission statement. In twelve to fifteen words, explain the purpose God has for your family.

**Train up a child in the way he should go, and when he is old he will not depart from it. Proverbs 22:6**

Explain what God means when He says, "Train up a child in the way he should go." What thinking patterns and life habits are instilled into a child that is trained up in the way he should go?

Family Vision video: http://youtu.be/dTnKWyFQmCU

## Kapitulo 2: Ang Simula, Kalagitnaan at Katapusan

Ang mga sasabihin ko sa mga susunod na pangungusap ay napakalalim na maaring tumagos sa simula, kalagitnaan at katapusan ng iyong pagiging magulang. *Kailangan ninyong basahin ang Biblia bilang isang pamilya araw-araw.*

Nagbibigay ang Biblia ng reponsibilidad sa mga tatay sa pagiging espiritual na tagapanguna ng pamilya. Kung ikaw ay isang Ama, hindi mo ito pwedeng balelawalain. Kailangan mong ilabas ang Biblia at simulan itong basahin sa iyong pamilya araw araw. Sa ilalim ng iyong pamamahala, babasahin ng iyong asawa ang Biblia sa inyong anak buong araw. Ngunit ang Biblia ang maglalagay sa iyo, ang Ama, na siyang namumuno na nakakaalam nang husto sa Biblia upang ituro sa iyong asawa at mga anak. Wow! Napaka laking responsibilidad! Totoo! Kaya't bitawan mo na ang hawak mong malamig na inumin at kunin mo na ang iyong Biblia. Maging tatak mo ang laging nauuuna sa simbahan tuwing Linggo nang umaga. Nakasulat sa Kanyang salita ang katotohanan na ikaw ang may responsibilidad na maging isang tagapagturo ng Biblia sa iyong sariling pamilya. At ito'y magsisimula sa iyo sa pagbabasa ng Biblia nang malakas sa iyong pamilya araw- araw.

**Mga asawang lalaki, mahalin ninyo ang inyu-inyong mga asawa, gaya ni Cristo na nagmahal sa iglesya, at ibinigay ang kanyang sarili alang-alang sa kanya; [26] upang kanyang pakabanalin siya, na nilinis sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig sa salita. Mga Taga-Efeso 5:25-26**

Ina! Kung wala kayong maka-Diyos na lalaki sa tahanan, ikaw ang magbabasa nang malakas ng Biblia sa iyong mga anak araw araw. Kung ang iyong asawa ay Kristiano ngunit ayaw manguna, ipananalangin mo siya na kayo'y mapangunahan. Samantala, basahin mo ang Biblia nang maraming beses sa iyong anak araw-araw, sa loob ng isang araw.

Kung ang iyong asawang lalaki ay nangunguna sa inyo, suportahan mo siya sa pagsasabi ng kung gaano mo ito ikinatutuwa at laging handang makinig kung siya ay nagbabasa. Ihinto mo iyong ibat-ibang gawain sa buong araw pag oras ng pag-aaral ng Biblia ng buong pamilya. Tulungan mo ang iyong asawa sa pamamagitan ng pakikinig at pagpapalakas ng kaniyang loob. Kung ang iyong asawa ay walang gana sa oras ng pag-aaral ng Biblia, kunin mo ang Biblia at tulungan mo siya.

Napaka importante ng Biblia kaya't dapat mong simulan ang iyong araw sa pagbabasa nito, sa tanghalian buksan mo ang Biblia, at tapusin mo ang araw ng iyong anak sa pagbabasa ng Biblia.

Saan ako magsisimula? Gawin mo na ang pinaka-unang maalaala ng iyong anak ay ang pagbabasa mo ng Biblia sa kanya. Basahan ng mga kwento sa Biblia ang iyong anak, gumamit ng tamang larawan sa Biblia ayon sa kaniyang edad.

Ito'y mahalaga! Ngunit, siguruhing binabasa mo ang Biblia sa iyong anak. Umawit ng mga awitin na mula sa Biblia kasama ng inyong anak.

**Narito ang ilang ideya para sa inyong oras ng pag-aaral ng Biblia:**

1. Umawit ng awiting mula sa Biblia o manuod ng mga video ng mga Christian song at sabayang awitin.
2. Magbasa ng maikling bahagi sa Biblia, kung maaari ay 8-10 talata.
3. Pumili ng isa o dalawang mahalagang punto mula sa mga talata at bahagi mo sa iyong pamilya. Subukang magbigay ng halimbawa na angkop sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay.
4. Magbasa ng ilang talata mula sa aklat ng Kawikaan at pag-usapan ang pinaka mahalangang puntos.
5. Ipanalangin mo ang iyong anak na mahalin si Jesus, magkaroon ng bagong puso, at maniwala na namatay si Jesus para sa kanyang kasalanan.

Habang lumalaki ang iyong anak, maaari mong simulang basahin ang mahahabang talata. Medyo paghaluin mo ng kaunti. Sa ilang buwan, magbasa ng ilang kapitulo mula sa Lumang Tipan at sa Bagong Tipan araw araw sa inyong oras ng pag-aaral ng Bibia. Kung ang binabasa mo ay mula sa study Bible, basahin mo nang malakas ang bawat kapitulo sa komentaryo. Pag napagod ka na sa paulit-ulit na ito, basahin mo uli ang ebanghelyo, o isang buwan mong basahin ang Kawikaan.

Ang pag-aaral ng Biblia ay maaring tumagal ng 5-30 minuto. Kung medyo mahaba na ang pag-aaral, patayuin mo ang lahat at magsiawit ng awiting pamBiblia. Kung nasa wastong edad na ang iyong anak para mag-isip at magsalita, tanungin mo siya ng ilang mga tanong. Huwag mong alalahanin ang haba ng oras. Ang importante ay nasimulan mong maitayo ang pundasyon ng katotohanan sa isipan ng iyong anak na siyang magiging GPS na kaniyang gagamiting gabay sa kanyang tatahaking buhay.

Isipin mo ang iyong naging araw... gaano katagal na oras ang ginugol mo sa pagtuturo ng tungkol sa pagsasabuhay ng salita ng Diyos sa iyong anak? Ipinanganak ang iyong anak na may maling pananaw sa mundo. **Sinasabi ng Biblia na kailangan nating gamitin ang Biblia upang mabago ang ating pag-iisip upang makapag-isip ng matuwid. Kung nakakapag-isip ng matuwid ang iyong anak, mayroon siyang magandang oportunidad na gumawa ng matuwid.** Ang pag-aaral ng Biblia ay kailangang gawin araw araw, at dapat itong mangyari sa loob ng isang araw. Ang mahalaga ay mapaglaanan ng oras ng buong pamilya ang Biblia araw-araw at sama-samang ipanalangin sa tulong ng Diyos upang maintindihan at maisabuhay ang kaniyang Katotohanan.

Ang Biblia ay espiritual na libro, kayat kung hindi mo naiintindihan ang Biblia, kailangan mong ipanalangin na turuan ka ng Banal na Espiritu ng Diyos at bigyan ka ng karunungan upang maibahagi mo ito sa iyong pamilya. Habang

sama-sama ninyong binabasa ang Biblia, magkakaroon ka ng mas epektibo sa pagtuturo sa inyong anak kung paano isasabuhay ang salita ng Diyos.

Ano ang nakikita mong malaking balakid sa pag-aaral ng Biblia ng inyong mga anak araw araw? Bakit mahalagang basahan ng Biblia nang maraming beses ang inyong mga anak sa isang araw?

Disciple Your Kids video: http://youtu.be/VyfOPPK_Kh0

## Chapter 2: The Beginning, Middle and End

What I'm going to tell you in the next sentence is so profound that it permeates the beginning, middle and end of your parenting. *You must read the Bible together as a family every day.*

The Bible gives the responsibility for being the spiritual leader of the family to the dad. If you are the dad, you can't punt on this one. You have to get out the Bible and start reading it to your family every day. Under your leadership, your wife will begin to read the Bible to your child throughout the day. But, the Bible squarely places you, Dad, as the guy who is in charge of knowing the Bible well enough to teach both your child and your wife. Wow! That is some responsibility. Why, yes it is! Put down the cold beverage and reach for your Bible. Hit record on Sunday football and head to church every Sunday. Clear your work schedule and be the first one out of the car in the church parking lot. God has said in His book of ultimate truth that you are responsible for being the Bible teacher for your family. And, it all starts with you reading the Bible out loud every day to your family.

**Husbands, love your wives, just as Christ also loved the church and gave Himself for her, that He might sanctify and cleanse her with the washing of water by the word. Ephesians 5:25-26**

Mom! If you don't have a godly man in the house, you are going to be the one reading the Bible out loud to your child every day. If your man is a Christian but won't lead, you start praying for him to lead. In the meantime, read the Bible with your child every day, several times a day.

If your husband is leading, support him by telling him how much you appreciate it and by being ready to listen when he's reading. You multitask most of your day. Take a break from that during family Bible time. Help your husband by listening and encouraging. When your husband doesn't feel like doing Bible time, get out the Bible and help him out.

The Bible is so important that you should begin your day with Bible reading, lunch break with the Bible open, and end your child's day with the Bible reading.

So, where do I start? Make your child's earliest memories be of you reading the Bible to him. Read Bible stories to your child from age-appropriate picture books. That's essential! But, make sure to read the Bible to your child. Sing Bible songs with your child.

Here is an idea for Bible time:

1. Sing a Bible song or watch a Christian song on video and sing with it.
2. Read a small section of the Bible. Try for at least 8-10 verses.

3. Pick one or two key points from those verses and tell your family. Try to give an example that applies to your daily life.

4. Read a few verses from Proverbs and talk about one of the key points.

5. Pray for your child to love Jesus, have a new heart, and believe that Jesus died for his sins.

As your kids get older, you can start reading longer passages. Mix it up a bit. For a few months, read a chapter from the Old Testament and a chapter from the New Testament every day during Bible time. If you are reading from a study Bible, read the commentary out loud for each chapter. When you get tired of this routine, read through the gospels again, or spend a month in the Proverbs.

Family worship or Bible time can last from 5 minutes to 30 minutes. If you are going kind of long, have everyone stand up and sing a Bible song. If your child is old enough to start thinking and talking, ask some questions. Don't stress about the length. The point is that you begin to build a framework of truth in your child's mind that will be the GPS he uses to chart his course through life.

Think about your day… How much time do you spend talking about how to apply God's Word to your child's life? Your child was born with a brain that defaults to worldly thinking. **The Bible says that we have to use the Bible to reprogram our minds to think truthfully. If your child is able to think truthfully, he will have a better opportunity to act truthfully.** Bible time needs to be daily, and also should take place informally throughout your day. The point is to spend time in the Bible together daily and to pray together for God's help in understanding and applying His truth.

The Bible is a spiritual book, so if you don't understand the Bible, you need to start praying for God's Holy Spirit to teach you and give you insights that you can pass on to your family. As you read the Bible together, you will start to gain momentum for teaching your child how to apply God's word.

What is the biggest obstacle that you see to doing a daily Bible time with your kids? Why is it important to read the Bible with your child multiple times a day?

Disciple Your Kids video: http://youtu.be/VyfOPPK_Kh0

## Kapitulo 3: Ang Iyong Pilosopiya sa Pagiging Magulang

Bilang isang magulang, natural lang na mayroon kang mga ideya kung paano palakihin ang mga anak. Ang problema ay ang mga ideya mo ay may halong katotohanan at kasinungalingan na napagsasama. Ang mga ideya mo ay bunga ng mga payo, idea, mga nakasanayan at mga bagay na iyong nakita sa iba. May ilang katotohanan sa mga pinaniniwalaan mo, at, mayroon ding mga maling pag-iisip na nakapaloob dito. Kaya ito ang dahilan, kung palalakihin mo ang iyong anak sa iyong sariling paraan, kalalakihan nila ang maling pag-iisip at maipapasa nila ito sa kanilang magiging anak at maging sa iyong kaapo-apuhan. Alam ng Diyos kung paano mo dapat palakihin ang iyong mga anak. Sinabi Niya ito sa iyo sa Biblia.

Ang problema, halos tayong lahat ay mayroong pamamaraan ng pagpapalaki ng anak na nakabase sa halu-halong mga ideya na kinagisnan natin. Ang listahan natin ng dapat at hindi dapat gawin ay nakabase sa mabuti o masama nating mga karanasan at sa ibat-ibang libro at sa mga napanuod natin sa TV. Kailangan mong maglatag ng bagong pundasyon ng Biblical parenting truth, kaya isinulat ko ang librong ito. Kaya, magsimula na tayo.

Sinasabi ng Biblia na tayo'y ipinanganak ng patay sa espiritu at ang ating espiritual na puso ay patuloy tayong nililinlang sa pag-iisip na tayo ay tama. Ito ay problema sapagkat madalas na iniisip ng mga matatanda at ng mga bata ay lagi silang tama. Halimbawa, sinasabi sa ating kultura na ang mga bata ay likas na mababait. Ngunit itinuturo sa Biblia na ang mga bata ay may makasalanang puso at kailangang turuan upang mamuhay ng maka-Diyos.

Talagang tama ang Biblia at sinasabi nito sa atin kung paano dapat mamuhay ang inyong mga anak. Kaya kailangan mong gawin na ang pagsasanay ng **Biblia** ay maging importanteng gawi ng iyong anak. Ang Biblia ay inilaan upang gamitin sa buong araw. Sanayin mo ang iyong anak kung paano mamuhay ng maka-Diyos at matuwid na pamumuhay.

**Ang lahat ng mga kasulatan ay kinasihan ng Diyos at mapapakinabangan sa pagtuturo, sa pagsaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa katuwiran, upang ang tao ng Diyos ay maging ganap, nasasangkapang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti. 2 Timoteo 3:16-17**

Ang pangunahing salita dito ay ***pagtuturo***. ***Pagtuturo*** saan? ***Pagtuturo kung paano maging matuwid.*** Ang Ibig sabihin nito ay mula sa pinakamaagang edad tuturuan mo siya kung paano mamuhay ng naaayon sa paraan ng Diyos. Ang tawag dito ay pamumuhay nang matuwid at malinis na buhay.

Simulan mong basahan ang iyong sanggol ng mga simpleng kuwento mula sa Biblia sa maghapon. Isama mo ang iyong sanggol sa bahay sambahan tuwing Linggo at hawakan mo siya habang may pananambahan. Awitan ng mga awiting mula sa Biblia at magpatugtog ng mga pambatang papuring awit. Habang lumalaki ang iyong anak, pag-usapan ninyo ang mga bagay na ginawa

ng Diyos sa kaniyang buhay. Kung siya ay nagiging pilyo, sabihin mo na sinusuway niya ang Diyos kapag kumikilos siya ng ganoon. Sa mga unang bahagi ng kaniyang buhay dapat mo siyang awitan, manalanging kasama siya at basahin ang Biblia sa kaniya.

Habang lumalaki ang iyong anak, dapat mo siyang turuang kilalanin kung sino ang Diyos at kung paano mamuhay ng maka-Dios. Kinakailangan mong basahin ang buong Biblia sa iyong anak at ipaliwanag ito sa kaniya. Hindi ka puwedeng magsawalang kibolamang. Yakapin mo ang iyong misyon na basahin ang Biblia sa iyong anak araw-araw upang makapaytayo na pundasyon na maka-Dios na may pang—unawa sa Salita ng Diyos. May magpapakita ng pananaw sa iyong anak na kung paano niya titingnan ang mundo. Ikaw ba iyon? Pwedeng ikaw ang magdisipulo sa iyong anak upang magkaroon ng Biblikal na pananaw sa mundo o siya'y magkakaroon ng maling makamundong pananaw sa buhay. Ang kanyang pagkabata ay mabubuo ng maraming maliliit na desisyon na siyang bubuo sa kanya kung magiging ano siya sa hinaharap. Ang mga desisyong iyon ay dapat nakaayon sa katotohanan. Tungkulin mong samahan ang iyong anak sa kaniyang araw-araw na pamumuhay, tulungan mo siyang matutunan ang katotohanan at maisabuhay ito.

Parenting With a Plan Video: https://youtu.be/EvErs38CJJ8

## Chapter 3: Your Parenting Philosophy

As a parent, you naturally have ideas about raising kids. The problem is that your ideas have a mixture of truth and lies swirled together. Your ideas are a product of advice, ideas, habits and things you've seen. There is some truth to what you believe. And, there is some wrong thinking woven in. This is why, if you raise your children your own way, they will grow up and pass that wrong thinking onto your grandchildren and great grandchildren. God knows exactly how you should raise your children. He's told you in the Bible.

The problem that most of us have is that our parenting is based on the hodgepodge of ideas we've grown into. Our list of parenting do's and don'ts are based on good or bad experiences we've had and on random books and TV shows. You need to lay a new foundation of Biblical parenting truth, which is why I wrote this book. So, let's get started.

The Bible says that we are born spiritually dead and that our spiritual heart is constantly deceiving us into thinking that we are right. This is a problem because kids and adults think that they are right most of the time. For example, our culture says that children are basically good. The Bible teaches that children have sinful hearts and need to be trained to live a godly life.

The Bible is absolutely true and it tells you how your children should live. So, you need to make Bible training a significant part of your child training. The Bible is meant to be used throughout your day. You train your child how to live a godly, righteous life.

**All Scripture *is* given by inspiration of God, and *is* profitable for doctrine, for reproof, for correction, <u>for instruction in righteousness,</u> that the man of God may be complete, thoroughly equipped for every good work. 2 Timothy 3:16-17**

The key word here is ***instruction. Instruction*** in what? ***Instruction in how to be righteous.*** That means from your child's earliest hours you are teaching him how to live life God's way. This is called living a morally pure life. Start by reading to your baby simple Bible stories throughout the day. Take your baby to church every Sunday and hold him during church service. Sing Bible songs to your baby and play baby praise songs on your music device. As your child gets older, talk about all of the things that God is doing in his life. When he is naughty, tell him he is disobeying God when he acts like that. From your child's earliest moments, you should be singing to him, praying with him, and reading the Bible to him.

As your child gets older, you must help him connect the dots of who God is and how to live a godly life. This requires you to read through the Bible with your child and explain it to him. You can't be passive in this. Embrace your mission to read the Bible with your child daily and build a foundation of godly

understanding. Someone will give your child a lens through which he will view the world. Will it be you? Either, you will disciple your child to have a Biblical worldview or he will default to a worldly lens for life. His childhood will be made up of many small decisions that build him into what he will be in the future. Those decisions need to be based on truth. It is your job to walk through daily life with your child, helping him to learn the truth and apply it.

Parenting With a Plan Video: https://youtu.be/EvErs38CJJ8

## Kapitulo 4: Pananaw ng Kristiano sa Mundo

**Kayo noo'y mga patay sa inyong mga pagsalangsang at mga kasalanan, na dati ninyong nilakaran, ayon sa lakad ng sanlibutang ito, ayon sa pinuno ng kapangyarihan ng himpapawid, ng espiritu na ngayon ay gumagawa sa mga anak ng pagsuway. Tayong lahat ay dating nabuhay sa gitna ng mga ito, sa mga pagnanasa ng laman, na ating ginagawa ang mga nais ng laman at ng pag-iisip, at tayo noo'y katutubong mga anak ng kapootan, gaya naman ng mga iba. Mga Taga-Efeso 2:1-3**

Likas na makatao at makasarili ang pag-iisip ng iyong anak. Totoo, maari siyang maging mapagkalinga, pero siya'y nakatali pa rin sa pagiging makasarili. Ito ang klase ng pamumuhay na may halaga sa kaniya. Lahat ng mga bata liban kay Jesu-Kristo ay ipinanganak na makasarili na minana nating kasalanan kay Adan. Ang lahat ay ipinanganak na may ibat-ibang paraan ng pananaw sa mundong nakapalibot sa kaniya at iyon ay ang pagiging makatao at makasarili. Mula sa kapanganakan, mga karanasan, media, magulang, relihiyon, mga guro, mga libro, salita at iba pang mga nakakaimpluwensiya na humuhubog sa pananaw ng bata sa mundo. Nagsisilbi itong lente kung paano tingnan ang mundo, paano magdesisyon, paano niya panindigan ang emosyon, at doon nagsisimulang ipanganak ang pagiging makasarili.

Paano ka magpapasya kung ang iyong mga emosyon, pag-iisip, at mga kilos ay nakasentro sa Diyos o sa pagiging makatao?

**Kaya nga, mga kapatid, isinasamo ko sa inyo, alang-alang sa mga kahabagan ng Diyos, na inyong ialay ang inyong mga katawan na isang handog na buháy, banal, na kasiya-siya sa Diyos, na siya ninyong makatuwirang paglilingkod. Huwag ninyong tularan ang sanlibutang ito; kundi magbago kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti, kasiya-siya, at lubos na kalooban ng Diyos. Mga Taga-Roma 12:1-2**

Pansinin mo sa Roma 12:1-2 ang utos sa Kristiano na dapat mamuhay ng banal ay may kasunod na "*paano gawin*" na pagpapahayag: Magpanibago ka ng pag-iisip. Ibig sabihin nito punuin mo ang iyong isip ng mga katotohanang tungkol sa Diyos at simulang tingnan ang mundo ng may katotohanan, ng ayon sa Biblia. Kung mayroon kang maka-Bibliang pananaw sa mundo, malalaman mo kung ano ang gusto ng Diyos sa iyong buhay. Parang madali lang, ngunit matrabaho para matutunan ang katotohanang mula sa Dios at gamitin ito para suriin ang lahat ng iyong iniisip, emosyon at sa mga mensahentg dumarating. Mas magiging madali kung napalaki ka na may Biblikal na pananaw sa mundo, kaya ang pagpapalaki ng anak ay kasama ang pagtuturo sa iyong anak na magkaroon ng Biblikal na pananaw sa mundo.

Ano sa tingin mo ang sinasabi ng Diyos sa iyo na baguhin mo ang paraan ng iyong pag-iisip?

Ito ang ilan sa mga pangunahing katotohanan na dapat mong ituro sa iyong anak:

1. Ang Diyos ay perpekto kailan man, marunong, mabuti, matuwid at karapat-dapat nating sambahin at sundin.
2. Ang Biblia ay katotohanang mula sa Diyos at dapat na pagtiwalaan bilang gabay sa buhay.
3. Ang layunin ng sangkatauhan ay luwalhatiin ang Diyos at masiyahan sa piling Niya magpasawalang hanggan.
4. Ang Diyos ang ating manlilikha at tayo'y nilikha ng may layunin.
5. Si Jesu-Kristo lamang ang ating pag-asa sa buhay, sa kapatawaran at sa kakayahang sundin ang Diyos.

Alin sa mga katotohanang ito ang kinalakihan mo? Alin sa mga katotohanang ito ang nakaapekto sa pagpapalaki ng anak?

Ang buhay bilang Kristiano ay patuloy na pakikipaglaban sa pagitan ng Diyos at ng kasamaan. Kung ikaw ay Kristiano, kinamumuhian mo ang kasalanan at lagi mong minamahal ang Diyos. Patuloy mong tatanggihan ang kasalanan at pinapalitan mo ito ng pagsunod sa Diyos. Upang magawa ito, ang ating mga sandata ay hindi pampisikal na sandata. Kundi, ang ating mga sandata ay mga Espiritual na sandata. Tayo ay nakikipagsagupa na kasama ang Biblia, Iglesia at sa pananalangin ng buong talino, sa emosyonal at espiritwal. Nagbubunga ito ng pamumuhay na may pagsunod sa Diyos. Kailangan nating magpatuloy sa pagbabantay sapagkat napakarami nating natatanggap na mga ideya na mula sa ibat-ibang direksyon na nakakaimpluwensiya sa atin. Dapat nating suriin at salain ang ideyang ito, paghiwalayin ang katotohanan at ang kasinungalingan. Base sa ating mga karanasan, nakaraan, pagbabasa at iba pa, Mayroon tayong mga ideya kung paano mamuhay. Alam ito ni Apostol Pablo noong isinulat niya ito.

**Sapagkat ang mga sandata ng aming pakikipaglaban ay hindi makalaman, kundi maka-Diyos na may apangyarihang makagiba ng mga kuta. Aming ginigiba ang mga pangangatuwiran at bawat palalong hadlang laban sa karunungan ng Diyos, at binibihag ang bawat pag-iisip upang sumunod kay Cristo; na handang parusahan ang bawat pagsuway, kapag ang inyong pagsunod ay ganap na. 2 Mga Taga-Corinto 10:4-6**

Kailangan nating pag-isipang mabuti ang tungkol sa pagiging magulang, pamumuhay, Diyos at sa ating sarili at ibigay natin ito kay Jesu-Kristo. Kailangan nating salain ang lahat sa pamamagitan ng ating Biblikal na pananaw sa mundo. Ang pagiging magulang ay nakakadagdag ng bagong dimensyon sa ating pananaw sa mundo at ito may malaking epekto sa ating mga anak. Ang pigiging magulang ay isang lakbayin na kasama ang iyong anak, kung saan siya ay pangungunahan mo na matutunan ang tungkol sa Diyos, matutunan kung

ano ang gusto ng Diyos para sa kanya, at maisabuhay ang mga katotohanang iyon sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Akayin mo ang iyong anak upang matagpuan niya ang kanyang mga talento at bumuo ng pananaw kung paano niya paglilingkuran ang Diyos ng kanyang buong buhay. Pangunahan mo ang iyong anak na alisin ang mga katangian ng kapintasan at palitan ng maka-Diyos na katangian. Ang prosesong ito ay tinatawag na pagpapalaki ng anak na ayon sa Biblia. Isa itong laban na karapat-dapat na ipaglaban. Igugol mo ang iyong buhay sa pagtuturo sa iyong anak na supilin ang anumang masamang kaisipan at sundin si Jesus.

Isipin ang media na nakalantad sa iyong anak, Hahayaan mo ba na ang kasinungalingan na makapasok sa kaisipan ng iyong anak? Pag-isipan mo ang mga tanong na ito bago mo sagutin. Ano ang mga mensaheng gusto ninyong makuha ng anak mo? Isulat ang mga naisip mong dapat tanggalin. Paano mo dadagdagan ang mga katotohanang dapat matutunan?

May nagpapatuloy ng labanan upang kontrolin ang pananaw ng iyong anak sa mundo. Maraming magulang ang walang muwang dito, o iniisip nila na ito'y magandang oportunidad ng pagkatuto sa buhay. Ang mga tagapaglikha o producer, mga tagapagturo, mga kapit-bahay, kamag-anak, musikero at tagapagbantay ng mga anak ay may sari-sariling pananaw sa mundo, at nais nilang ibahagi ang pananaw na iyon sa iyong anak. Pakinggan mo ang mga titik ng mga popular na awitin ngayon. Paano mo itatayo ang Biblikal na pundasyon sa iyong anak, habang pinoprotektahan mo siya sa mga impluwensiyang hindi maka-Diyos?

Truth Hooks video: http://youtu.be/wJ6klFKXADQ

# Chapter 4: Christian Worldview

**And you *He made alive,* who were dead in trespasses and sins, in which you once walked according to the course of this world, according to the prince of the power of the air, the spirit who now works in the sons of disobedience, among whom also we all once conducted ourselves in the lusts of our flesh, fulfilling the desires of the flesh and of the mind, and were by nature children of wrath, just as the others. Ephesians 2:1-3**

By nature, your child's mind is humanistic and self-centered. True, he can be very caring, but he is wired to be self-serving. This is a lifestyle that makes perfect sense to him. All children, except for Jesus Christ, have been born self-centered, having inherited this sinful nature from Adam. Everyone is born with a way of viewing the world around him that is humanistic and selfish. From birth, experiences, media, parents, religion, teachers, books, words and other influences shape a child's worldview. This becomes the lens through which the world is viewed, decisions are made, emotions are vindicated, and reflexes are born.

How do you decide whether your emotions, thoughts, and actions are God-centered or humanistic?

**I beseech you therefore, brethren, by the mercies of God, that you present your bodies a living sacrifice, holy, acceptable to God, *which is* your reasonable service. And do not be conformed to this world, but be transformed by the renewing of your mind, that you may prove what *is* that good and acceptable and perfect will of God. Romans 12:1-2**

Notice in Romans 12:1-2 that the command for a Christian to live a holy lifestyle is accompanied by a "how-to" statement: Renew your mind. That means fill your mind with God's truth and start viewing the world truthfully, Biblically. If you have a Biblical lens for viewing the world, you will be able to figure out how God wants you to live your life. This sounds simple, but it takes hard work to learn God's truth and use it to evaluate all of your thoughts, emotions, and incoming messages. It is much easier if you have been raised with a Biblical worldview, which is why Biblical parenting involves teaching you child to have a Biblical worldview.

Why do you think God tells you to renew your thinking?

Here are some key truths that you must teach your child:

1. God is infinitely perfect, wise, good, just, and is worthy of our worship and obedience.

2. The Bible is God's truth and should be trusted as a guide for life.

3. Humanity's purpose is to glorify God and enjoy Him forever.

4. God is our creator and we are created for a purpose.

5. Jesus Christ is our only hope for life, forgiveness, and the ability to obey God.

Which of these truths were you raised with? Which of these truths have affected how you parent?

Life as a Christian is a constant battle between God and evil. If you are Christian, you hate sin and love God's ways. You are constantly rejecting sin and replacing it with obedience to God. To do this, our weapons are not physical weapons. No, our weapons are spiritual. We engage with the Bible, church and prayer intellectually, emotionally, and spiritually. This results in a lifestyle of obedience to God. We have to be constantly on our guard because we have a myriad of ideas hitting us from all directions that influence us. We have to evaluate and dismantle the ideas, sorting out the truth and lies. Based on our experiences, backgrounds, readings, etc., we have ideas about how to live. The apostle Paul knew this when he wrote the following:

**For the weapons of our warfare *are* not carnal but mighty in God for pulling down strongholds, casting down arguments and every high thing that exalts itself against the knowledge of God, bringing every thought into captivity to the obedience of Christ, and being ready to punish all disobedience when your obedience is fulfilled. 2 Corinthians 10:4-6**

We have to take all of our thinking about parenting, life, God, and us and give it to Jesus Christ. We have to screen everything through a Biblical worldview. Parenting adds a new dimension to this because our worldview has huge effects on our kids. Parenting is a journey that you take with your child, where you lead him to learn about God, learn what God wants for him, and put those truths into practice in daily life. You lead your child to discover his talents and build vision for how to serve God his whole life. You lead your child to ferret out character flaws and build godly habits that replace those flaws. The process of doing this is called Biblical parenting. It's a fight that is worth fighting. Spend your life teaching your child to take every thought captive and obey Jesus.

Think about the media that you expose your child to. Where are you allowing lies to filter into your child's thinking? Think about this question before answering it. What messages do you want your child to absorb? List input that you need to cut. How are you going to increase the truthful input?

There is an open battle to control your child's worldview. Many parents are naïve to this, or assume that it is a good opportunity to teach a life lesson. Producers, educators, neighbors, relatives, musicians, and baby-sitters all have their own worldviews and they want your child to share those views. Listen to

the lyrics of the today's popular music. How will you build a Biblical foundation for your child, while shielding him from ungodly influences?

Truth Hooks video: http://youtu.be/wJ6klFKXADQ

## Kapitulo 5: Pinili Ka Ng Diyos

**Ang mga salitang ito na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito ay ilalagay mo sa iyong puso; at iyong ituturo nang buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasabihin sa kanila kapag ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, kapag ikaw ay lumalakad sa daan, at kapag ikaw ay nahihiga, at kapag ikaw ay bumabangon. At iyong itatali ang mga ito bilang tanda sa iyong kamay at bilang panali sa iyong noo. At iyong isusulat ang mga ito sa pintuan ng iyong bahay at sa mga pasukan ng inyong mga bayan. Deuteronomio 6:6-9**

Pagkatapos niyang ibigay sa tao ang kanyang mga kautusan kung paano dapat mamuhay, ibinigay naman ng Dios ang kautusang ito sa mga magulang. Dapat nating alamin ang kautusan ng Diyos ng buong puso at ituro ng maingat at palagian sa ating mga anak. Ang kautusan ng Dios ay kung paano mamuhay ng may paggalang sa Diyos. Kailangan nating tapalan ng Salita ng Diyos ang ating buong bahay, sauluhin ng buong pamilya ang mga talata, at ipasabuhay ang Biblia sa ating mga anak.

*Ang plano ng Diyos sa iyong buhay ay gugulin mo ang iyong mga araw sa pagtuturo at paggabay sa iyong anak kung paano malalaman at sundin ang kautusan ng Diyos.* Hindi mo lang bibigyan ng kaalaman ang iyong anak, kundi sasanayin mo rin siya na gamitin ang kanyang natutunan. Ito ay tinatawag na karunungan. Ang karunungan ay ang pagsasabuhay ng katotohanan.

Ang mga nanay at tatay ay parehong binigyan ng katungkulan na nagmula sa Diyos. Ang tatay ang may responsibilidad para siguraduhing matupad ito, ngunit pareho silang nagtuturo at isinasabuhay ang kautusan ng Diyos. Ito ang isa sa dahilan kung bakit hindi mo dapat ipasa sa Day care o sa mga lolo at lola ang anak mo habang parehong nagtatrabaho ang mga magulang.

Binigyan kayo ng Diyos ng responsibilidad upang turuan ang inyong anak na maging maka-Diyos. Hindi mo maaring balewalain ang pangangailangan ng iyong anak na matuto sa iyo kung paano mamuhay sa paraan ng Diyos. Ikaw ang naatasang magpalaki sa iyong anak na mamuhay na mapagmahal at masunurin sa Diyos. Huwag mong ipasa ang responsibilidad na ito sa iba dahil sa **iyo** ibinigay ang kautusan**.**

You will become overwhelmed by repetitive negative behaviors that seem to derail your parenting. At these times, look back over the past six months and take note of the positive ways that your child's character has grown. Parenting is about long-term momentum, which comes from simply being consistent with your schedule, discipline, and family time. When you are overwhelmed by a tantrum, a rebellious heart, or sibling fighting, take a step back. Pray your heart out to God. Call on Him to fulfill his promises to use Biblical parenting. Only God can give your child an obedient heart. Look back over the years and thank God for all of the parenting growth He has given you. Parenting is a marathon, not a sprint. If your child has pushed you over the edge, send him to his room and give yourself time to reflect on God's grace and goodness to you.

**The night is far spent, the day is at hand. Therefore let us cast off the works of darkness, and let us put on the armor of light. Romans 13:12**

Put on the armor of light! This simply means be like Jesus, who is the way, the truth, and the light… the Light of the world. How would Jesus parent your child? In order to be like Jesus, you have to be a born-again Christian. To be like Jesus, you have to use your weapons of light.

Wear Your Armor video: https://youtu.be/k7XsVoQEHwI

## Kapitulo 16: Mag-isa lang Akong Nagpapalaki ng Anak

Kung ikaw ay mag-isa lang na nagpapalaki ng anak, maaaring bigo ang pakiramdam mo ngayon at masyadong itong idealistik. Tama ka! Maraming magulang ang hindi alam kung gaano kahirap ang magpalaki ng anak na nag-iisa.

Sa pamamagitan ng paglilista ng mga gagawin araw-araw at pagninilay, ano ang pangunahing limang aksiyon na ibig mo sa pagpapalaki ng iyong anak?

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________

Ano ang mayroon tungkol sa Biblikal na pagpapalaki ng anak na parang hindi mo makakamit?

Ang katotohanan ay magagawa mo ito mag-isa: Magtrabaho ng full-time, full time na magulang, full time na idisipolo ang iyong anak. Kailangan bumuo ng kumunidad na maka-diyos na susuportahan ka sa misyong ito.

Sa nag-iisang ina na may anak na lalaki, hindi ka maaaring maging modelo ng matatag na lalaki sa iyong anak. Kailangan mong isama ang iyong anak sa mature na Kristianong kalalakihan sa simbahan. Alam agad ng simbahan kung anong hakbang ang gagawin para matulungan ka. Kailangan mong manalangin nang mabuti upang ito ay mapangasiwaan.

Kung ikaw ay nagtatrabaho ng full time, kailangan mo ng trabahong papayagan kang magampanan ang pagiging magulang. O, kailangan mo ng maka-diyos na suporta. Ang unang taong dapat mong kausapin ay ang iyong pastor. Huwag kang mahiyang tawagan/sulatan ako sa www.SwansonMission.com upang mapag-usapan ang mga ideang ito.

## Chapter 16: Hey! I'm a Single Parent

If you are a single parent, you're probably frustrated at how idealistic this all sounds. You're right! Many parents don't know how hard it is to single parent.

Through all of the journaling and reflecting, what are the top five action items that you want for your parenting?

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________

What is there about Biblical parenting that feels most unattainable?

The truth is that you can't do this alone: Work full time, parent full time, disciple your kids full time. You will have to build a community of godly people who can support you in this mission.

For a single mom with a son, you can't be a strong male role model for your son. You must enroll mature Christian men from your church. The church won't automatically know how to step up to help you. You must prayerfully facilitate this.

If you are working full time, you will have to have a job that allows you flexibility to parent. Or, you'll have to have godly support. The first person to talk to is your pastor. Feel free to contact me at www.SwansonMission.com to brainstorm ideas.

## Kapitulo 17: Ang Proteksiyonan ang Iyong Anak

Ang proteksiyonan ang iyong anak ang iyong pinakamahalagang responsibilidad. Narito ang ilang dahilan kaya may ilang mga bata ang nasasaktan.

**Pang-aabusong Seksuwal**

Maaaring seksuwal na maabuso ang bata ng kapwa bata sa kapitbahay, ng mas nakakatandang bata, ng kamag-anak, o kapitbahay. Paano mo mapoprotektahan ang iyong anak sa seksuwal na pang-aabuso? Narito ang ilang pamamaraan:

1. Kausapin mo ang iyong anak tungkol sa maseselang bahagi ng kaniyang katawan na hindi dapat mahawakan ng iba.
2. Turuan ang iyong anak na magkaroon ng tiwala sa sarili. Magsanay kung paano sumigaw ng malakas at tumakbo papalayo.
3. Ang iba ay hinahawakan ang maselang bahagi ng kabataan bilang bahagi ng pagbibiro. Hindi ito magandang biro. Sabihin sa iyong anak na sabihin sa iyo kapag ito ay nangyari sa kaniya. Agad na kausapin ang gumawa nito sa iyong anak at sabihin na hindi ito magandang biro. Ito ay isang klase ng seksuwal na pang-aabuso.
4. Huwag hayaang hawakan ninuman ang puwet o maselang bahagi ng katawan ng inyong anak. Kung sakaling mangyari ito, pag-usapan agad ang pangyayaring ito. Kausapin mo ang iyong anak at sabihin na nalulungkot ka sa nangyari at ito ay mali. Gumawa ng hakbang upang ito ay matigil. Huwag matakot na sabihan ang isang tao na hindi kanais-nais na hawakan niya ang iyong anak sa maselang bahagi ng katawan. Kung ito ay bata, kausapin ang kaniyang magulang upang matigil ito. Huwag hayaang makasama ng iyong anak ang taong iyon ng walang bantay. Palagiang isumbong sa pulis ang panggagahasa at pang-aabusong seksuwal. Huwag kang matakot.
5. Laging alamin kung nasaan ang iyong anak. Kung siya at pansamantalang naglalaro sa labas, tanungin kung saan siya galing at kung sino ang kasama niya. Tanungin kung may kakaibang nangyari ngayon. Bantayan ang kakaibang pagkilos ng iyong anak, tulad ng pagkatakot, mukhang may itinatagong kasalanan, pagkahiya, o pag-ihi sa kaniyang salawal.
6. Huwag mong hayaang matulog ang iyong anak kasama ng taong hindi mo pinagkakatiwalaan ng lubos o 100% pinagkakatiwalaan.

7. Mag-ingat sa pagpayag na pumunta ang inyong anak sa ibang bahay o kapitbahay.
8. Maraming bata ang nakakakita ng mga hubad na larawan (pornograpiya) sa bahay ng kanilang kaibigan. Kausapin ang iyong anak na iwasang tumingin sa mga hubad na larawan. Kung makakita sila nito, agad silang umalis sa lugar na iyon at ipaalam sa iyo.
9. Maging mapagmatyag sa mga matatanda at kabataan na inihahanda ang iyong anak upang abusuhin sa hinaharap. Nagsisimula ito sa pagbibigay ng espesyal na atensiyon sa iyong anak. Ang pagyakap at paghawak ay unti-unting nagiging seksuwal. Huwag payagan na mahaplos sa likod ang inyong anak ng nakakatandang kabataan o ng nakakatanda na hindi nila mga magulang. Bantayan ang mga taong nagbibigay ng hindi pangkaraniwang espesyan na atensiyon sa iyong anak.

**Protektahan ang Ayong Anak sa Demonyo**

May mga paraan na maaari mong maanyayahan ang demonyo na atakihin ang iyong anak. Mag-ingat upang maiwasan mo ang mga sitwasyong ito.

1. Mga nakakatakot na pelikula ang mga palabas na tungkol sa mga mangkukulam, demonyo, o gayuma. Kailangan mong pigilan ang iyong anak na manood ng mga palabas na ito. Kung kayo ay nasa restaurant, takpan ang mata ng iyong anak at tainga, at sabihin sa tagapamahala na patayin ang TV.
2. Pornograpiya: Mag-ingat kung ano ang tinitingnan ng iyok anak sa internet, Youtube, TikTok, o sa telepono ng kaibigan ng iyong anak. Kausapin siya kung may nakita siya sa telepono ng kaniyang kaibigan. Maging bukas sa pakikipag-usap sa kaniya tungkol sa hindi pagtingin sa mga malalaswang larawan.
3. Pagmemeditate at Albularyo: Huwag mong dalhin ang iyong anak sa albularyo o payagan ang iyong anak gawin ang espiritwal na pagmemeditate o yoga. Inaanyayahan mo ang espiritu na pumasok sa iyong anak pag dinala mo siya sa albularyo. Maaaring sabihin ng albularyo na kinakausap niya si Jesu-Kristo o ang Panginoon. Ibang Jesu-Kristo o ibang Panginoon ang kausap nila.
4. Pagpapalitan ng Pangalan: Sa ibang kultura, pangkaraniwan na ang pagbebenta ng pangalan sa kapitbahay ng iyaking anak at papalitan nito ang kaniyang pangalan. Ang ganitong paniniwala ay nahihinto ang pagiging iyakin ng bata at nangyari ito sa karamihan. Ito ay isang makademonyong

gawi. Huwag ninyo iyong gawin. Kung ginawa ninyo ito, pagsisihan ito at itakwil ang ganitong gawain. At, bigyan ang iyong anak ng kaniyang sariling pangalan. Huwag ninyo siyang tawagin sa pangalan ng batang namatay na. Mayroon siyang sariling pagkakakilanlan at hindi siya dapat mamuhay sa pagkakakilanlan ng batang namayapa na.

5. Pang-aabusong Seksuwal: Gawing pangunahing prioridad na alamin kung nasaan ang iyong anak at kung ano ang kaniyang gunagawa. Maging bukas sa pakikipag-usap sa iyong anak, para malaman mo kung mayroong nangyari o ginawang masama sa kaniya.
6. Ang Iyong Nagrerebeldeng Kasalanan: Maaaring maging kalarawan mo ang iyong anak. Nais mo bang maging puntirya ng espiritu ng galit, pagkahayok sa laman, o pagpapakamatay ang iyong anak? Siyempre hindi! Humingi ka ng tulong para sa iyong sarili. Huwag mong ipasa ang kasalanan mo sa iyong anak.
7. Anting-anting at mga Pampasuwerte: Huwag gumamit ng pampasuwerte, dream cathers, Turkish masamang mata, o anting-anting. Sirain ang lahat ng mga rebulto at masasamang bagay na yari ng tao. Sa Dios lang magtiwala.
8. Pangrelihiyosong Kapistahan: Relihiyosong pista na may kasamang inuman, sugal, at pagsamba sa ibang dios ay hindi nakakabuti sa esiritu ng iyong anak. Huwag ninyo siyang papuntahin doon.
9. Mga mararahas o bayolenteng video games o kung saan tinutulungan ng espiritu ang manlalaro.

**Seksuwal na pagkakakilanlan**

Mabubuo o masisira mo ang seksuwal na pagkakakilanlan ng iyong anak. Maaaring komplikado o masalimuot pangalagaan ang seksuwal na pagkakakilanlan ng iyong anak, ngunit may ilang mga punto na puwede mong isaalang-alang.

1. Ituro sa iyong anak ang kaniyang pagkakakilanlan bilang anak ng Dios. Ang seksuwal na pagkakakilanlan ng tao ay nakatali sa kaniyang pagkaunawa sa kaniyang layunin at sa kaniyang pagkakakilanlan bilang anak ng Dios.
2. Maging laging naroon sa buhay ng iyong anak. Ang ibig sabihin nito ay kailangan mong maglaan ng oras sa kaniya sa pang-araw-araw. Huwag mo siyang iwan para magtrabaho sa ibang bayan. Habang nakatira ka sa ibang lugay, huwag mo siyang hayaang tumira sa kaniyang tiya o lola. Kailangang

magkakasamang nakatira ang anak at magulang sa iisang tahanan, at maglaan ng oras para sa kaniya araw-araw.

3. Pag-usapan ninyo ng iyong anak ang buhay, lalo ninyong pagtibayin ang kanyang seksuwalidad. Huwag ninyo siyang tawagin sa pangalang malalait siya. Kung may anak kang babae, huwag ninyo siyang tawaging tomboy. Kung may anak kang lalaki huwag ninyo siyang tawaging bakla. Ipahayag ang kaniyang katangian bilang lalaki, ipahayag ang kaniyang katangian bilang babae. Bihisan ang iyong anak na lalaki ng damit na panlalaki, at ang anak na babae ng damit na pambabae, kahit na sanggol pa lang sila. Halimbawa, gusto mo ng anak na babae, pero anak na lalaki ang ibinigay sa iyo ng Dios, mahalin mo ang iyong anak na lalaki bilang lalaki. Makuntento kung ano ang pinili ng Dios.
4. Gawin mo ang iyong trabaho bilang magulang! Maging laging naroon sa iyong anak at bigyan siya ng pagmamahal, Kailangang parehong magbigay ang nanay at tatay ng panahon, atensiyon, at pagmamahal sa inyong anak. Huwag ninyong iwan ang inyong anak dahil sa trabaho o magkaroon sa iba ng bagong pamilya.
5. Ingatan siya mula sa pang-aabusong seksuwal at pornograpiya.
6. Paminsan-minsan, pinagkakaisahan ng pamilya ang anak na mahina ang kaniyang seksuwalidad na pagkakakilanlan. Binubully nila ang batang iyon, pisikal na inaabuso, at nilalait nila ito. Ang trabaho mo ay siguraduhin na hinding-hindi ito mangyayari sa iyong anak.
7. Pambubully: Maaaring pisikal o emosyonal na mabully ang iyong anak. Kausapin ang iyong anak upang malaman kung ito ay nangyayari sa kaniya. Pigilan ninyo itong mangyari sa kaniya. Kausapin ang nakakatandang kasama sa pangyayaring ito. Kung ito ay magpatuloy, alisin ang iyong anak sa lugar kung saan ito nangyayari.

Mayroon kang kakayahang hubugin ang seksuwal na pagkakakilanlan ng iyong anak patungo sa taong nagpupuri sa Dios na namumuhay sa plano ng Dios sa kaniya. Gawin itong mahalagang prioridad sa pagiging magulang.

**Pangalagaan sa Pamamagitan ng Biyaya**

Sabihin nang madalas sa inyong anak ang mga salitang nagpapatotoo, pagpapala at pamumuhay. Sabihin ninyo sa kaniya na ipinagmamalaki mo ang kaniyang paglagong espiritwal at pisikal. Ituro mo sa kaniya ang kaniyang pagkakakilanlan kay Kristo at ang kaniyang kahalagahan sa mata ng Dios. Huwag ninyo itong ikahiya. Laging himukin ang iyong anak sa pagsasabi ng nakikita mong paglago ng talento at kaloob ng Dios na ibinigay sa kaniya.

Bilang magulang, marami kang masasabi upang itama ang mali. Madalas mo siyang sinasabihan sa kaniyang asal at sinasabihan kung ano ang tamang asal. Sadayain ang pagbibigyan ng positibong feedback. Manalangin ng pagpapala para sa kaniya. Sabihin sa kaniya kung ano ang nakita mong ginagawa ng Dios sa buhay niya.

**Buhay at kamatayan ay nasa kapangyarihan ng dila. Kawikaan 18:21a.** May kapangyarihan ka na pagpalain o isumpa ang iyong anak sa pamamagitan ng mga pananalita. Pag pinipintasan mo ang iyong anak o sinasabihan na bobo siya o walang silbi, sinusugatan mo siya at ang mga sugat na iyon ang makakaapekto sa kaniya hanggang sa araw ng kaniyang kamatayan. Mag-ingat sa mga sasabihin dahil maaari mong masabi ang nakakapagbigay buhay o kamatayan sa kaluluwa ng iyong anak. Siyempre, nagkakamali ka rin. Ihingi mo ng tawad ang nagawa mong kasalanan sa iyong anak at hingin ang kaniyang pagpapatawad. Pagkatapos, tumuon sa pagiging makatotohanan at puro pagbibigay buhay ang sambitin. A**ng salitang walang taros ay sumusugat ng damdamin, ngunit ang magandang salita, sakit ng loob ay gumagaling. Kawikaan 12:18**

**Espiritwal na Pakikipaglaban**

1. Palagiang ipanalagin ang inyong anak at hingin ang pag-iingat ng Dios. Turuang manalangin ang inyong anak. Magkasamang sambahin ang Dios.

2. Basahin ang inyong Biblia 30 minuto araw-araw at ipanalangin ang inyong pamilya. Hindi sapat ang pagbabasa ng debosyonal sa paghahanda sa pakikipaglaban. Kailangan mong basahin at pag-aralan ang salita ng Dios. Turuan mo ang inyong anak kung paano basahin ng Biblia.

3. Huwag ninyong hayaang makapasok ang masamang espiritu sa inyong tahanan o puntiryahin ng masamang espiritu ang iyong pamilya. Magpasakop sa Dios at labanan ang masamang espiritu. Sa pangalan ni Jesu-Kristo, itaboy mo sila. Kung magpapatuloy ang spiritwal na problema, mangyari lamang na hingan ng tulong ang inyong pastor o ang may ministeryo sa pagpapaalis ng espiritu. Maari rin ninyong tawagan ang sumulat ng librong Ito.

## Chapter 17: Protecting Your Child

Protecting your child is one of your most important responsibilities. Here are a few ways that many children get hurt.

### Sexual Abuse

Children can be sexually abused by other children in the neighborhood, by older children, by relatives or neighbors. How will you protect your child from being sexually abused? Here are some ways:

1. Talk to your child about how his private areas are not places not to be touched by others.
2. Some people touch boys' private areas as a joke. It is not a joke. Tell your child to report to you if this happens. Immediately, go confront the sexual abuser and tell them that it is not a joke. It is sexual abuse.
3. Do not allow anyone to touch your child on his bottom or private areas. If that happens, immediately deal with the issue. Talk to your child and say that you are sorry that happened and that it was not right. Take the steps to make it stop. Don't be afraid to tell the other person that it is not okay to touch your child. If it is another child, talk his parent to make it stop. Don't allow your child to be with that person unsupervised.
4. Always know where your child is. If he is out playing for a while, ask him where he went and who he was with.
5. Don't let your child spend the night with people who you do not 100% trust.
6. Be careful about letting your child go into other people's houses.
7. Many children see pornography at a friend's house. Talk openly with your child about avoiding pornography.

### Protecting Your Child from Demons

There are ways that you can invite demons to attach to your child. Be careful to avoid those situations.

1. Horror movies and movies about witches, demons, or spells. You need to stop your child from seeing these images. If you are at a restaurant, cover your child's eyes and ears, and ask the manager to turn off the TV.
2. Pornography: Be very careful about what your child looks at on the internet, Youtube, TikTok, or on a friend's phone. Talk with him and ask him if he has seen anything. Be open with him about not looking at naughty pictures.
3. Meditation and Natural Healers: Do not take your child to a healer or allow your child to do spiritual meditation. You are inviting spirits to come to your child when you take your child to a natural healer. The healer might

say that he is talking to Jesus Christ or to the Lord. This is a different Jesus Christ and a different Lord.

4. Name switching: In the Philippines, it is common to sell your crying baby to a neighbor and change his name. This is believed to stop the crying and it does for many. This is a demonic practice. Do not do it. If you have, repent and renounce that action.
5. Sexual Abuse: Make it your number one priority to know where your child is and what he is doing. Openly communicate with your child, so you know if something has been done to him.
6. Your Rebellious Sins: Your child can become like a mirror of you. Do you want a child who is targeted by a spirit of anger, depression, lust, or suicide? Of course not! Get help for yourself. Don't pass on your sin to your child.
7. Religious Amulets and Good Luck Charms: Don't use charms, dream catchers, Turkish evil eye, or amulets. Trust only in God.
8. Religious Festivals: Religious festivals that include drinking, gambling, and worshipping of other gods can open your child to oppression. Don't allow him to participate.
9. Violent video games or where spirits help the player.

**Sexual Identity**

You can break your child's sexual identity. Protecting your child's sexual identity can be complicated, but here are some points to consider.

1. Teach your child his identity as a child of God. A person's sexual identity is tied to his understanding of his purpose and identity as a child of God.
2. Be present in your child's life. This means that you need to spend time with him on a daily basis. Don't leave him to go work in another city. Don't have him go live with his aunt or grandma, while you live somewhere else. Both parents need to be living with your child, and spending time with him daily.
3. Speak life into your child, especially affirm his sexuality. Don't call him names that mock him. If you have a girl, don't call her a tomboy. If you have a boy, don't call him a sissy. Affirm his qualities as a boy or affirm her qualities as a girl.
4. Do you job as a parent! Be there for your child and give him love. Both mom and dad need to give time, attention, and love to your child daily.
5. Protect him from sexual abuse and pornography.
6. Sometimes, families will pick on a child who is not strong in his sexual identity. They will bully that child, physically abuse him, and mock him. Your job is to make sure that this never happens to your child.

7. Bullying: Your child can be bullied physically and emotionally. Communicate with your child to know if this happens. Stop it from happening. Talk to the adults involved. If it continues, take your child out of the place where it is happening.

You have the ability to shape your child's sexual identity into a god-honoring person who lives out God's plan for him. Make this a significant priority for your parenting.

**Protecting by Blessing**

Speak words of affirmation, blessing and life over your child often. Tell him how proud you are of his spiritual and physical growth. Teach him about his identity in Christ and his value in God's eyes. Don't be shy about this. Often, encourage your child by telling him the talents and gifts that you see God developing in him. As a parent, you have plenty of words of correction. You are often instructing him on his behavior and giving him corrective feedback. Be intentional about giving your child positive feedback. Pray blessings over him. Speak blessings over him. Tell him specific ways that you see God working in his life.

**Death and life *are* in the power of the tongue. Proverbs 18:21a.** You have the power to curse or bless your child with your words. When you criticize your child or tell him he is stupid or worthless, you wound him and those wounds can infect him until the day he dies. Be very careful with your words because you can either speak life or death into your child's soul. Of course, you will make mistakes. Confess your sin to your child and ask him for forgiveness. Then, focus on being truthful and speak life. **There is one who speaks like the piercings of a sword, but the tongue of the wise *promotes* health. Proverbs 12:18**

**Spiritual Warfare**

1. Pray over your child often and pray for God's protection. Teach your child to pray. Worship together.
2. Read your Bible at least 30 minutes a day and pray for your family. Reading a devotional is not enough preparation for battle. You need to read and study the word. Teach your child how to read the Bible.
3. Don't allow evil spirits to come into your house or target your family. Submit to God and send them away. If the problem persists, please contact a pastor or the author.

## Kapitulo 18: Pakikitungo sa Masasamang Espiritu

Maaring may pagkakataon sa iyong pagiging magulang na ikaw ay naghihinala na mayroong kakaibang nangyayari. Nagsimula kang harapin ang kasalanan ng iyong anak na parang **Napakalakas**. Sa ganitong sitwasyon, tanungin mo ang Dios kung ikaw ay humaharap sa masamang espiritu. Hingin sa Banal na Espiritu na gabayan ka at tulungan kang malaman kung anong klaseng espiritu ito: Halimbawa, espiritu ng galit, espiritu ng hindi pagtanggap, espiritu ng pagnanasa, espiritu ng pagsuway, espiritu ng takot. Gagamitin ko ang espiritu ng galit bilang isang halimbawa.

Kapag kayo ng iyong anak ay mahinahon na, kausapin mo ang iyong anak at sabihin sa kaniya na sa palagay mo ay maaring may masamang espiritu na umaatake sa kaniya. Bilang mananampalataya, sinasabi mo ito para mamuhay siya sa kapangyarihan ni Kristo.

1. Manalangin nang malakas, "Sinasakluban ko ang aking sarili, ang aking pamilya, at ang aming mga alagang hayop sa dugo ni Jesus. Banal na Espiritu, proteksiyunan po ninyo kami at linisin at alisin ninyo ang umaatakeng ito. Ipakita po ninyo sa amin kung ano ang dahilan ng pag-atakeng ito."

2. Ang susunod ay hindi panalangin. Malumanay kang nag-uutos sa pangalan ni Jesu-Kristo. "Sa pangalan ni Jesu-Kristo na taga Nazareth, Inuutusan ko ang espiritu ng (galit) na umalis kay (pangalan ng bata) ngayun din."

3. Manalangin, "Banal na Espiritu ipakita po ninyo sa amin kung kailan nangyari ang pag-atakeng ito." Kung ang Banal na Espiritu ay ipinakita sa iyong anak kung kailan ito nagsimula, ipasabi mo sa kaniya, "Itinatakwil ko ang kasalanang nagawa ko noong ako'y (ilagay ang sitwasyon). Itinatakwil ko ang lahat ng pakikipagkasundo ko sa espiritu ng (galit). Minsan, hindi ipinapakita ng Banal na Espiritu kung paano ito nagsimula. Kung ang iyong anak ay wala pa sa tamang edad, laktawan ang hakbang na ito.

4. Sama-samang magbasa ng Banal na Kasulatan na tumutukoy sa ganitong usapin.

5. Magpasakop sa Dios at labanan ang Demonyo: Sabihin mo sa iyong anak na kailangan niyang gamitin ang pagtitimpi sa sarili na nagmumula sa Banal na Espiritu kapag nagsisismula na siyang makaramdam ng (galit). Magkasamang basahin ang Biblia

6. Kung ang iyong anak ay may insidente ng pagkakasala (init ng ulo), ang espiritu ay susubukan muling umatake. Utusan itong umalis sa makapangyarihang pangalan ni Jesus.

Ang patern ng pag-uugali ay iba sa pag-atakeng espiritual. Kapag ang iyong anak ay malaya na sa espiritu na nagpapalakas sa kaniyang pag-uugali, kailangan uli siyang sanayin na mapalitan ang ganoong pag-uugali sa pagiging makadios na pag-uugali. Para sa galit, kailangan siyang maturuan kung paano siya huminto at magpalamig ng ulo.

**Iba pang mga posibilidad:**

Maaring atakihin ang iyong anak dahil sa tromatikong pangyayari ng nakaraan. Kinakailangan mong sabihin ang katotohanan sa nangyari at tulungan siyang magpatawad at maghilom. "Patawarin mo ako dahil nangyari ang (pangyayari) sa iyo. Masama iyon at itinatakwil ko ang pangyayaring iyon sa iyo sa pangalan ni Jesus. Lagi mong kasama ang Dios. Puwede mo bang patawarin si (pangalan)? Sundan mo ang sasabihin ko, 'Pinapatawad ko si (pangalan) at ibinibigay ko siya kay Jesus. Nagtitiwala ako kay Jesus na gagawin niya and dapat gawin sa taong iyon.'" Manalangin ng panalangin ng paghilom sa iyong anak at sa tromatikong nangyari. "Sa pangalan ni Jesus, nananalangin po ako ng paghilom sa iyo dahil sa (pangyayari). Banal na Espiritu, isara po ninyo ang pintong iyon at linisin po ninyo kung anumang sakit ang naroon." Tingnan ang iyong anak at sabihin, "Ang maliit na bata na nasaktan ang loob ay lalaki at magiging makadios na lalaki/babae! Tinanggap ka at mahal ka ng Dios."

At saka, maaring nasa hene-henerasyong problema ng pamilya. Kung hindi mo matagumpay na napalaya ang iyong anak sa problema, ipanalangin sa kaniya ang panalanging panghenerasyon upang maputol ang espiritung henerasyon na pagkakasala. (Makipag-ugnayan sa may-akda para sa panalangin.)

## Chapter 18: Dealing With Evil Spirits

There may be times in your parenting when you suspect that there is something strange going on. You begin dealing with a sin in your child that seems to be **supercharged**. In this case, ask God if you are dealing with an evil spirit. Ask the Holy Spirit to guide you and help you know what type of spirit it is: For example, spirit of anger, spirt of rejection, spirit of lust, spirit of defiance, spirit of fear. I'll use the spirit of anger as an example.

When you and your child are calm, talk to your child and tell him that you think there might be an evil spirit attacking. As a believer, you tell it to leave in the authority of Christ.

1. Pray out loud, "I cover myself, my family, and my pets with the blood of Jesus. Holy Spirit, please protect us and clean out this attacker. Please show us what is causing this attack."
2. This next is not a prayer. You are calmly commanding in the name of Jesus Christ. "In the name of Jesus Christ of Nazareth, I command the spirit of (anger) to leave (child's name) now."
3. Pray, "Holy Spirit please show us when this attached." If the Holy Spirit shows your child when it started, have him say, "I renounce that sin I did when I was (fill in situation). I renounce all agreements with the spirit of (anger). Sometimes, the Holy Spirit does not show the entry point. If your child is not old enough, skip this step.
4. Read scripture together that deal with this subject.
5. Submit to God and resist the Devil: Tell your child that he needs to use self-control from the Holy Spirit when he starts getting (angry.) Read Bible verses together.
6. If you child has an episode with the sin (temper tantrum), the spirit may try to attach again. Command it to leave in Jesus' mighty name.

The behavior patterns are separate from the spiritual attacker. Once your child is free of the spirit that is supercharging his behavior, he must be retrained to replace those behaviors with godly behaviors. For anger, he must be taught how to take a break to cool off.

**Other Possibilities:**

A spirit can attach to your child because of a traumatic event in his past. This requires you to speak truth over the event and help him forgive and heal. "I'm sorry that (event) happened to you. That was evil and I renounce that it happened to you in Jesus' name. God was there with you. Can you forgive (person's name)? Say with me, 'I choose to forgive (person's name) and I give him to Jesus. I trust Jesus to do what is right to that person.'" Pray a prayer for

healing over your child and the traumatic event. "In Jesus name, I pray healing for you because of (event). Holy Spirit, please close that door and clean out the hurt that is there." Look at your child and say, "The little boy inside who was hurt can grow up and be a godly man! You are accepted and God loves you."

Also, it can be there from a generational family problem. If you aren't successful in freeing your child from the problem, pray a generational prayer over him to cut off the generational spirit. (Contact author for the prayer.)

## Kapitulo 19: Natatanging Hamon sa Pagpapalaki ng Anak

Biblikal na pagpapalaki ng anak ang tamang sagot sa lahat ng bata, Subalit, Kakaiba ang iyong anak, at sa mga ibang isyu, kailangan mong makakita ng medikal at teraputikal na tulong. Pagagalingin ng Diyos ang iyong anak sa pamamagitan ng himala, o maaaring piliin Niyang samahan ka niya sa proseso ng panalangin, medisina, at therapy. Tandaan, ang ibang hamon ay dahil sa pisikal na kondisyon ng iyong anak.

### Reactive Attachment Disorder

Ang kabiguang makiugnay ng iyong anak at ayaw magkaroon ng malapit na kaugnayan na nakakasakit at nakasisira sa iyong pamilya. Ang umasa sa emosyonal at pisikal na pagdevelop ng utak ng iyong anak, ang iyong anak ay maaring may reactive attachment disorder. (Madaling mong masusuri ang iyong sarili at ang iyong anak sa pamamagitan ng paggamit ng Google, kaya magbasa ng ilang libro bago mo simulang gamitin ang label.) Sa pagpapalaki ng may reactive attachemnt disorder, ang payo ko ay humingi ng payo sa Kristianong tagapayo na espesialista sa therapy ng mga bata na nahihirapang makipag-ugnayan.

### Asperger's Syndrome

Sa batang may Asperger's, kailangan mong huwag maging pabago-bago, sa lohika, at kung ano ang itim at puti sa iyong pagdidisiplina at pagsasanay. Ang anak mo ay kailangan ng gawaing naka iskedyul na madaling malaman at maayos na kapaligiran. At, maaaring hindi makita ng iyong anak ang pagpapahayag ng iyong mukha o mabasa ang paggalaw ng iyong katawan kung ano ang iyong ibig sabihin. Sa may Asperger's, kailangan mong turuan ang iyong anak na isaalang-alang ang iba pang paraan at maging fexible. Kailangan mong sanayin ang iyong anak na makayang gumawa sa magulong mundo na napakalaki para sa kaniya. Magmumukhang makasarili ang iyong anak at hindi makapag-isip sa labas ng kahon. Saliksikin ang Asperger's at bumuo ng plano para sanayin ang iyong anak na mabuhay sa pakikipag-ugnayan sa iba at matagumpay na gumawa sa mundo na kung saan kakaunti lang silang ganoon.

# Chapter 19: Special Parenting Challenges

Biblical parenting is the right answer for all children. However, your child is unique, and for some issues, you'll need to find medical and therapeutic assistance. God can miraculously heal your child, or He may choose to walk with you through the process of prayer, medicine, and therapy. Remember, some challenges are due to the physical wiring of your child.

## Reactive Attachment Disorder

The failure to attach and the refusal to connect in close relationships wreaks hurt and devastation in a family. Depending on emotional and physical development in your child's brain, your child might have reactive attachment disorder. (It's easy to diagnose yourself and your child using Google, so read a few books on the subject before you start using a label.) When parenting with reactive attachment disorder, my advice is to get counseling from a Christian counselor who specializes in therapy for children who struggle connecting relationally.

## Asperger's Syndrome

For a child with Asperger's, you'll need to be consistent, logical, and black and white in your discipline and training. Your child will need a predictable schedule and organized environment. Also, your child might not be able to "see" your facial expressions or read your body language. With Asperger's, you'll need to teach your child to consider others and be flexible. You'll need to train your child to cope with and work within a disorganized world that can be overwhelming for him. Your child might appear selfish and unable to think outside of the box. Research Asperger's and develop a plan for training your child to live in relationships with others and to function successfully in a world where he's a minority.

## Kapitulo 20: Ang Malaking Pakikipagsapalaran

Isipin mo na ang pagpapalaki ng anak ay isang mahabang biyahe. Magkakasama kayo sa paglalakbay bilang isang pamilya. Ang pupuntahan ninyo ay isang reunion ng pamilya sa Langit na kung saan makikita mo lahat ng iyong apo at apo sa tuhod.

Mayroon kang pangitain sa iyong pupuntahan. May hawak kang mapa ng dadaan. At, maraming oras kayong magkakasama. *Ang trabaho mo ay palakihin ang iyong anak na may takot sa Diyos at mamuhay ng isinasabuhay ang katotohanan ng Diyos sa kaniyang buhay.* Sa simula ikaw ang mamimili para sa iyong anak. Sa panahong ito, iginigiit mo sa iyong anak ang pagkakaroon sa iyo ng masunuring puso. Sinasabi mo sa iyong anak kung ano ang dapat isipin at kung ano ang dapat gawin. Habang lumalago siya sa Biblikal na pundasyon para mamuhay ng maka-diyos na pamumuhay, sisimulan mo siyang bigyan ng maraming desisyon. Sa katagalan magiging gabay ka na lang niya. Pero hindi iyon puwedeng mangyari kung wala ka sa tabi niya para magdesisyon para sa kaniya sa magaganda, mapagmahal, at mga taon ng pagtuturo.

Ang Biblikal na pagpapalaki ng anak ay kusang loob na pakikiayon sa Banal na Espiritu. Palalaguin ka at ang iyong anak ng Banal na Espiritu sa espiritual sa paggamit ng ilang pamamaraan: ang Biblia, ang panalangin, at ang iyong komunidad sa simbahan ang makakatulong sa iyo upang ikaw ay lumago. Mapapansin mo ang pagpapahalaga sa mga ito habang binabasa mo ang mga nagdaang mga pahina. Ang kaloob ng Diyos sa pagiging Kristiano at paglago bilang Kristiano ay ibinigay habang binababad natin ang ating sarili at ang ating pamilya sa mga biyayang ito: sa Biblia, sa panalangin, at sa simbahan.

Pinaka mahalaga sa maayos na pagpapalaki ng anak ay ang malaman na ang lahat ng pakikipagsapalarang ito ay isang proseso. Manatiling kalmado, at manatili sa iyong lalakaran. Dahan-dahan at manatili sa pagpapalaki ng anak, Madalas, pakiramdam mo na parang walang pag-asa. Sa mga panahong ito, tumingin ka kay Jesu-Kristo. Tapos, tingnan ang nakaraan kung paano Niya tinulungan nang tapat ang iyong anak na malagpasan ang mga balakid ng nakaraan. Kung Biblikal kang nagpalaki ng anak, makikita mo ang iyong anak na dahan-dahang nagiging mature sa pag-uugali.

Pag-usapan bilang pamilya ang tungkol sa daang ito na inyong tatahakin at magkasamang lilikha ng natural na kapaligiran upang pag-usapan ang layo na inyong pupuntahan upang makarating dito. Pag-usapan ng inyong mga anak ang tungkol sa salita ng Diyos, manalangin ng sama-sama, at mamuhay ng puso-sa-puso na pagdidisipulo.

Sa kabuuan, bigyan ang iyong anak ng regalo ng pagpupuri sa Diyos, may kaayusan ang tahanan ng sumasamba ng sama-sama at sumusunod kay Jesu-Kristo. Ituro sa iyong anak ang magandang balita ni Jesus araw-araw. Ipakita sa iyong anak kung paano ipamuhay ang Biblia, isang oras bawat araw.

**Ang mga salitang ito na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito ay ilalagay mo sa iyong puso; at iyong ituturo nang buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasabihin sa kanila kapag ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, kapag ikaw ay lumalakad sa daan, at kapag ikaw ay nahihiga, at kapag ikaw ay bumabangon. At iyong itatali ang mga ito bilang tanda sa iyong kamay at bilang panali sa iyong noo. At iyong isusulat ang mga ito sa pintuan ng iyong bahay at sa mga pasukan ng inyong mga bayan. Deuteronomio 6:6-9**

Bible-Based Living video: https://youtu.be/-I-STtdWEsU

Pipelines of Grace video: https://youtu.be/L0YLu7mmvhA

www.SwansonMission.com

## Chapter 20: The Grand Adventure

Think about parenting as a long road trip. Your journey is together as a family. Your destination is arriving at a family reunion in Heaven where you'll meet all of your grandchildren and great-grandchildren.

You have the vision for your destination. You have your roadmap. And, there will be plenty of time together. *Your job is to raise your child in the fear of God and in a lifestyle of applying God's truth to his life.* At first, you'll be making all of the choices for your child. During this time, you'll be insisting on an obedient heart towards you. You will be telling your child what to think and what to do. As you grow your child's Biblical foundation for living a godly life, you will begin to give him more decisions. You will eventually be more of his guide. But that cannot happen without you being his decision-maker for many beautiful, loving, teachable years.

Biblical parenting is a deliberate partnership with the Holy Spirit. The Holy Spirit grows you and your child spiritually using several avenues: the Bible, prayer, and your church community. You may have noticed an emphasis on these as you read the previous pages. God's gift of becoming a Christian and growing as a Christian is given as we drench ourselves and our family in these pipelines of grace: Bible, prayer, and church.

Paramount for parenting sanity is to know that this whole adventure is a process. Stay calm, stay the course. Slow and steady grows your child. Many times, you'll feel like there is no hope. At times like these, look to Jesus Christ. Then, look back at how He has faithfully helped your child overcome obstacles in the past. If you parent Biblically, you will see your child slowly mature in his character.

Communication as a family about this road you're traveling together will create a natural environment for tackling the miles that you need to cover to reach your destination. Openly talk with your child about God's word, pray together, and live out life-on-life discipleship.

To sum up, give your child the gift of a God-honoring, structured house that worships and obeys Jesus Christ together. Teach your child the good news of Jesus daily. Model for your child how the Bible is lived out, one hour at a time.

**These words which I command you today shall be in your heart. You shall teach them diligently to your children, and shall talk of them when you sit in your house, when you walk by the way, when you lie down, and when you rise up. You shall bind them as a sign on your hand, and they shall be as frontlets between your eyes. You shall write them on the doorposts of your house and on your gates. Deuteronomy 6:6-9**

Bible-Based Living video: https://youtu.be/-I-STtdWEsU

Pipelines of Grace video: https://youtu.be/L0YLu7mmvhA

www.SwansonMission.com

---

[i] Tripp, Tedd. *Shepherding a Child's Heart*. Second edition, Shepherd Pr, 2021.

[ii] Tripp, Tedd. *Shepherding a Child's Heart*. Second edition, Shepherd Pr, 2021.